

PATAKARAN SA PAST DUE NA BAYARIN SA TUBIG

Menlo Park Municipal Water
menlopark.gov/water
650-330-6750
Epektibo mula Enero 1, 2022



Layunin
Ang patakarang ito ay naglalarawan sa proseso ng Lungsod para sa mga past due na bayarin kabilang ang mga abiso, mga multa sa late na pagbabayad, pagkakadiskonekta, muling pagkonekta, mga alternatibong kaayusan ng pagbabayad at mga espesyal na pagkakataon (mga residenteng mababa ang kita at medikal na pangangailangan para sa tubig).
Mga Abiso
Ang Lungsod ay magbibigay ng abiso sa mga kostumer ng delingkuwensiya at nakabinbing pagdiskonekta sa pamamagitan ng mga abiso sa koreo, mga tag sa pinto, mga email at/o mga tawag sa telepono. Ang Lungsod ay gagawa ng makatwiran, may matapat na layunin na pakikipag-ugnay sa kostumer tungkol sa nakabinbing pagdiskonekta sa pamamagitan ng telepono, koreo o abiso sa lugar nang hindi bababa sa 10 araw ng negosyo bago madiskonekta. Makakatanggap ang mga kostumer ng abiso sa pagdiskonekta o abisong tag sa pinto para sa mga bayarin sa tubig na lampas na sa 45 araw. Sisilingin ng Lungsod ang \$31 na bayad sa abisong tag ng pinto, na iaaplay ng kostumer sa susunod na bayarin sa tubig.
Mga Multa sa late na pagbabayad
Ang mga kostumer ay magkakaroon ng 1.5 porsiyentong multa sa pagbabayad nang late kung ang mga pagbabayad ay hindi natanggap bago ang takdang petsa ng bayarin.
Pagkakadiskonekta
Maaaring madiskonekta ang serbisyo sa mga kostumer na may past due na bayarin sa tubig na higit sa 60 araw mula sa orihinal na takdang petsa ng bayarin, at maaaring magkaroon ng bayad sa muling pagkonekta bago muling ibalik ang serbisyo. Para maiwasan ang mga pagkakadiskonekta, maaaring maging kwalipikado ang mga kostumer para sa kaayusan ng pagbabayad o magbayad nang hindi bababa sa 1 araw ng negosyo bago ang nakatakdang petsa ng pagdiskonekta. Maaaring humiling ang mga residenteng kostumer ng exemption mula sa pagkakadiskonekta kung lahat ng sumusunod ay natutugunan: 1. Ang kostumer ay nagpapakita ng mababang kita 2. Ang kostumer ay nagpapakita ng medikal na pangangailangan sa tubig 3. Ang kostumer ay handang makipag-ayos ng pagbabayad
Muling pagkonekta at mga bayad sa muling pagkonekta
Ang mga kostumer ay dapat gumawa ng alternatibong kaayusan sa pagbabayad o bayaran ang past due na halaga kasama ang bayad sa muling pagkonekta para muling ikonekta ang serbisyo ng tubig. Mga Bayad sa Muling Pagkonekta: <ul style="list-style-type: none">• Iniskedyul ang muling pagkonekta sa susunod na araw ng negosyo – \$140• Iniskedyul ang muling pagkonekta sa parehong araw o pagkatapos ng mga oras ng negosyo – \$338
Alternatibong kaayusan sa pagbabayad
Ang sinumang kostumer na hindi makabayad ng mga bayarin sa tubig, sa loob ng normal na oras ng pagbabayad ay maaaring humiling ng kaayusan ng pagbabayad upang maiwasan ang pagdiskonekta ng serbisyo. Ang Lungsod ay magbibigay ng kaayusan sa pagbabayad, kabilang ngunit hindi limitado sa, mga iskedyul ng alternatibong pagbabayad, mga pagpapaliban ng pagbabayad, at mga minimum na pagbabayad tulad ng nakasaad sa patakarang ito para sa mga kostumer na wala pang aktibong kaayusan sa pagbabayad. Mga kinakailangan para sa pagsasaayos sa pagbabayad: <ul style="list-style-type: none">• Ang mga kahilingan ay dapat gawin nang hindi bababa sa isang araw ng negosyo bago ang nakatakdang petsa ng pagdiskonekta• Ang mga kostumer ay dapat gumawa ng 10 porsiyentong may matapat na layunin sa pagbabayad upang magsagawa ng kaayusan sa pagbabayad at dapat isa lamang kaayusan ng pagbabayad ang maaaring maging aktibo sa parehong oras• Dapat sumang-ayon ang mga kostumer sa kaayusan ng pagbabayad sa pamamagitan ng pagsasabi sa

telepono o ng pagsulat, sumunod sa mga tuntunin ng kanilang kaayusan ng pagbabayad, at manatiling current ang bayarin habang dumaragdag ito sa bawat kasunod na billing period

- Maaaring humiling ang mga kostumer ng hanggang dalawang kaayusan ng pagbabayad sa anumang calendar year. Ang bawat pagsasaayos ng pagbabayad ay maaari lamang tumagal nang hanggang 12 buwan bawat kahilingan

Mga kinakailangan ng mga kostumer sa kaayusan ng pagbabayad:

- Ang mga kostumer ay hindi maaaring humiling ng karagdagang plano sa pagbabayad ng anumang kasunod na hindi nabayaranang mga bayarin habang nagbabayad ng mga delingkuwenteng bayarin sa kasalukuyang kaayusan ng pagbabayad
- Hindi maaaring humiling ng mga extension ng takdang petsa ang mga kostumer sa kaayusan ng pagbabayad

Mga extension ng takdang petsa:

- Maaaring humiling ang mga kostumer ng hanggang 2 extension ng takdang petsa sa anumang calendar year. Ang mga kahilingan ay dapat gawin nang hindi bababa sa 1 araw ng negosyo bago ang takdang petsa ng bayarin sa tubig. Kapag na-extend, hindi na mababago ang mga takdang petsa sa ibang araw.

Ang kostumer na nakipag-ayos at sumunod sa kaayusan ng pagbabayad ay hindi ituturing na delingkuwente. Ang pagkabigong sumunod sa mga tuntunin ng pagsasaayos ng pagbabayad ay magreresulta sa pagiging delingkuwente ng kostumer. Ang kostumer ay sasailalim sa pagdiskonekta kapag ang account ay delingkuwente sa loob ng 60 araw at ang mga karagdagang pagsasaayos o extension ay hindi magagamit para sa anumang bagong delingkuwenteng balanse, at ang kostumer ay hindi bibigyan ng mga alternatibong kaayusan ng pagbabayad sa hinaharap hanggang sa mabayaran ang delingkuwenteng balanse.

Medikal na pangangailangan

Maaaring magpakita ang mga kostumer ng medikal na pangangailangan sa tubig kung makakapagbigay sila ng nakasulat na sertipikasyon mula sa kanilang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga na ang pagdiskonekta ng serbisyo ng tubig ay magiging banta sa buhay, o magdudulot ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng, residente ng lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig.

Mababang kita (residenteng kostumer lang)

Maaaring maging kwalipikado ang mga kostumer para sa mga espesyal na probisyon kung sila ay naka-enroll sa programa ng tulong sa rate.

Para maging karapat-dapat sa programa ng tulong sa rate, dapat matugunan ng sambahayan ang mga sumusunod na pamantayan:

- Dapat naka-enroll sa programa ng PG&E CARE
- Dapat magbigay ng pinakabagong PG&E bill para patunayang naka-enroll ito sa CARE. Dapat ipakita ang pangalan, address ng serbisyo, petsa ng statement at pag-renew ng CARE ayon sa petsa;
- Dapat magbigay ng pinakabagong Recology bill. Dapat ipakita ang pangalan, address ng serbisyo, numero ng account, petsa ng bill at laki ng cart; at
- Dapat magbigay ng pinakabagong Menlo Park Municipal Water bill, kung kailangan. Dapat ipakita ang petsa ng bill, numero ng account at address ng serbisyo
- Ang address ng serbisyo ay dapat pareho para sa lahat ng tatlong utility bill, (PG&E, Recology and Menlo Park Municipal Water, ngunit maaaring magkaiba ang mga pangalan

Mga Espesyal na Probisyon:

- Magbabayad ang mga kostumer ng fee sa muling pagkonekta, bilang karagdagan sa kabuuang halagang dapat bayaran sa account, upang maibalik ang serbisyo
- Iniskedyul ang muling pagkonekta habang oras nang negosyo – \$50
- Iniskedyul ang muling pagkonekta sa mga oras na hindi operational – \$150
- Maaaring hilingin ng mga kostumer na tanggalin ang 1.5 porsiyentong late fee isang beses bawat 12 buwan

Para sa karagdagang impormasyon sa programa ng tulong sa rate, mangyaring bisitahin ang menlopark.gov/rateassistance

Relasyon ng may-ari/mga nangungupahan

Kung ikaw ay umuupa ng isang property na may indibidwal na metro sa ilalim ng pangalan ng may-ari ng property, at ang account ay lampas na sa takdang petsa; may karapatan ang mga nangungupahan na maging kostumer.

- Upang mapatanggal ang halaga na past due, ang nangungupahan ay dapat magbigay ng kopya ng kasunduan sa pagrenta, mga resibo sa renta o dokumentong pang-gobyerno na nagsasaad na siya ay umuupa sa property bilang katunayan.
- Ang nangungupahan na piniling maging kostumer ay maaaring ibawas ang charge sa tubig mula sa mga periodic payment, tulad ng mga pagbabayad sa renta sa may-ari ng property, kung ang mga charge sa tubig ay hindi nakahiwalay

Proseso ng apela

Maaaring iapela ng mga kostumer ang kanilang buwanang bill sa tubig sa pamamagitan ng pagsusumite ng protest form ng bill ng tubig sa loob ng 15 araw mula sa petsa ng bill. Susuriin ng Lungsod ang mga apela at mag-iimbestiga kung kinakailangan. Ang lahat ng desisyon ay gagawin ng direktor ng public works o ng delegado. Ang serbisyo ng tubig ay hindi dapat idiskonekta habang nakabinbin ang apela.